Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation

Proseso

## Proseso ng Jidou-teate (Child Allowance)



**Ang petsa ng padala para sa buwan ng Hunyo ay sa Hunyo 9 (Lunes). Ipapadala ang halaga para sa buwan ng Abril hanggang Mayo 2025. Pagkatapos nito, ang padala ay isasagawa tuwing mga buwan na may even number.**

| Target na edad | Una at ikalawang anak | Ikatlo o susunod pang anak |
|---|---|---|
| Mababa sa tatlong taong gulang | 15,000 yen kada buwan | 30,000 yen kada buwan |
| Tatlong taong gulang hanggang sa edad ng high school | 10,000 yen kada buwan | |
| Mula sa katapusan ng unang piskal na taon nang naging 18 taong gulang hanggang sa katapusan ng unang piskal na taon nang naging 22 taong gulang | Tanging ang target sa pagkalkula (ika-○ anak) ang bibilangin | |

*Ang edad ng high school ay tumutukoy sa mga batang naging 18 taong gulang hanggang sa unang Marso 31.
*Pinalawak ang saklaw ng mga maaaring tumanggap noong Oktubre 2024. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

Child Growth Support Section, Child Growth Support Division (Children's Medical Care)
☎ 03-5744-1275
Fax 03-5744-1525

Proseso

## Ang childminder ang mag-aalaga sa inyong mga anak

Aalagaan o magbibigay kami ng pangangalaga sa mga anak ng mga taong nagtatrabaho, naghahanap ng trabaho, o nakatakdang manganganak.
Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ota City o makipag-ugnayan sa amin.

- Lugar para sa pangangalaga: Sa tahanan ng childminder o sa nursery room sa loob ng pasilidad sa Ota City
- 23,000 yen kada buwan, hanggang 8 oras (8:00 am - 5:00 pm).
  Ang bayad para sa extension ay 250 yen bawat 30 minuto.
- Nag-iiba depende sa childminder.
- Tatanggapin ang aplikasyon sa Nursery Services Division, Ika-3 palapag ng Ota City Office. Mangyaring pumunta kasama ang inyong anak. Para sa mga taong nagtatrabaho, kailangan ang Certificate of Employment (maaaring hindi isama kung ito ay naisumite na gamit ang form ng Ota City o sa aplikasyon para sa Licensed Nursery School, basta't nasa loob ng validity period).
- Nursery Staff Guidance Section, Nursery Services Division
  ☎ 03-5744-1643
  Fax 03-5744-1715

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## Proseso Tungkol sa status of residence ng inyong sanggol

Kung ipinanganak ang isang sanggol sa Japan, maaaring kailangan ng aplikasyon para sa status of residence.
Kung napapailalim sa mga sumusunod, mangyaring mag-apply para sa status of residence sa loob ng 30 araw mula nang ipinanganak at tumanggap ng residence card.

- Ang nasyonalidad ng sanggol ay hindi Hapon
- Mananatili sa Japan nang 60 araw o higit pa mula nang ipinanganak.

Mangyaring tingnan ang website ng Tokyo Regional Immigration Bureau.

Tokyo Regional Immigration Bureau
5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo
☎ 0570-034259

Foreign Residents Section, Household Residents Registry Division
☎ 03-5744-1187

## Proseso Tungkol sa pagbabayad ng resident tax

Ang unang deadline para sa pagbabayad ng special city residence tax/metropolitan residence tax (resident tax), at forest environmental tax ay sa Hunyo 30, 2025.
Mangyaring magbayad hanggang sa deadline.
Para sa mga konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

Sa tanggapan, mangyaring tingnan ang paunawa na iyong natanggap.
Tax Payment Division

| | |
|---|---|
| ☎ Omori District | 03-5744-1200 |
| Chofu District | 03-5744-1201 |
| Kamata District | 03-5744-1202 |
| Sa labas ng Ota City | 03-5744-1203 |

Fax 03-5744-1517

## Proseso Maaaring mag-isyu ng certificate para sa resident tax

Maaaring mag-isyu ng certificate para sa resident tax para sa piskal na taong 2025.

[Mga bagay na maaaring ma-isyu]
- Taxation certificate para sa resident tax (special city residence tax/metropolitan residence tax)
- Tax exemption certificate para sa resident tax (special city residence tax/metropolitan residence tax)
- Tax payment certificate

[Mga taong makakapag-isyu]
Mga taong nakarehistro bilang residente ng Ota City sa Enero 1, 2025 at nagdeklara ng tax

[Mga kailangan bagay para sa pag-isyu]
- Kapag pupunta ang indibidwal sa tanggapan
  - Bagay na maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan (residence card, atbp.)
- Kapag pupunta ang representative sa tanggapan
  - Power of attorney (salin sa wikang Hapon kapag nakasulat sa ibang wika maliban sa wikang Hapon)
  - Bagay na maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan ng representative

Mula Hunyo 10, 2025 (Martes)

・Sa tanggapan ng Taxation Division sa Ika-4 na palapag ng Ota City Office
・Mga City Branch Office, atbp.

General Affairs and Taxes, Taxation Division
☎ 03-5744-1192
Fax 03-5744-1515



©Ota City

## Kaganapan Ohanashi-kai (Storytelling session) sa wikang Ingles

Mag-enjoy tayo sa pagbabasa ng mga larawang-aklat sa wikang Ingles at pagkanta ng mga awit



©Ota City

- Hulyo 26, 2025 (Sabado) 11:00 am - 11:30 am
- Ohanashi no heya (storytelling room), Kugahara Library 2-28-4 Kugahara, Ota-ku
- Libre
- Mga kwalipikado: Mga bata sa elementarya o mas bata pa at kanilang mga magulang/tagapag-alaga
- Hindi kailangan ng aplikasyon
- Kugahara Library ☎ 03-3753-3343 Fax 03-3753-5642

## Kaganapan "Ehon wo Todokeru Undo (Delivering Picture Books)" workshop

Pagkatapos manood ng DVD tungkol sa kapaligiran sa pagbabasa ng mga bata at kalagayan ng mga library sa iba't ibang bansa, aktwal na maglalakip ng mga sticker ng lokal na wika sa mga larawang aklat ng Hapon upang mabasa ito ng mga bata mula sa ibang bansa. Pipirmahan ang huling pahina ng libro sa lokal na wika. Kahit sino ay maaaring lumahok kung sila ay may kakayahan sa pagbasa ng larawang-aklat ng Hapon sa wikang Hapon.

- Hunyo 22, 2025 (Linggo) 10:00 am - 12:00 pm
- Omori-Minami Library 2nd floor Multipurpose room (1-17-7 Omori-Minami, Ota-ku)
- Libre
- Kapasidad: 20 katao (may reserbasyon)
- Pumunta sa tanggapan o tumawag
- Omori-Minami Library ☎ 03-3744-8411 Fax 03-3744-8421

## Kaganapan Naghahanap ng mga aplikante para sa ManaViva

Ito ay isang lugar para sa mga adulto upang sila ay matutong magbasa at magsulat ng hiragana, katakana, simpleng pangungusap, at iba pang karakter sa wikang Hapon na kailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay, pati wikang pambansa, matematika, at iba pang mga pangunahing kaalaman. Mag-aral tayo kasama ang mga kasamahan at kawani. Para sa iskedyul, mangyaring tingnan ang aming website.

- Mayo 11, 2025 (Linggo) hanggang Marso 8, 2026 (Linggo) 24 sessions, lahat sa Linggo 2:00 pm - 4:00 pm
- Ota City Office o Consumer Center (5-13-26-101 Kamata, Ota-ku)
- Libre
- Mga kwalipikado: Mga taong 16 taong gulang o mas matanda pa na naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City at kayang makipag-usap sa wikang Hapon (anuman ang nasyonalidad, unang 40 katao)
- Pumunta sa tanggapan o tumawag
- Iba pa: May pangangalaga (mangyaring kumpirmahin sa tanggapan)
- Lifelong Learning Section, Community Activities Promotion Division ☎ 03-5744-1443 Fax 03-5744-1518

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## Paunawa Tumanggap ng libreng pagsusuri sa HIV

Ang Ota City Public Health Center ay nagsasagawa ng pagsusuri sa HIV nang libre at nang hindi makikilala ang indibidwal, dalawang beses sa isang buwan (Miyerkules). Gayundin, ang pagsusuri at tanggapan ng konsultasyon sa east exit ng Shinjuku ay nagsasagawa ng pagsusuri araw-araw maliban sa holidays.



©Ota City

- Hunyo 25, 2025 (Miyerkules), Hulyo 9, 2025 (Miyerkules)
  9:00 am - 10:00 am
- Medical Check-up Room sa ika-2 palapag ng Kamata Area Office(2-1-1 Kamata-Honcho, Ota-ku)
- Libre
- Bawat 30 katao (may reserbasyon)
- Online reservation sa pamamagitan ng website ng Ota City
- Infectious Disease Countermeasures Section, Infectious Disease Countermeasures Division
  ☎ 03-4446-2643
  Tokyo HIV Testing Reservation Center
  ☎ 050-3801-5309

## Paunawa Pag-usapan natin ang iyong mga problema

Nagbibigay kami ng mga konsultasyon tungkol sa mga problema ng inyong anak tungkol sa edukasyon, pagkatao, problema sa pag-uugali, karamdaman sa pag-unlad, "pambubully", pakikipagkaibigan at iba pa sa pamamagitan ng tawag sa telepono o harapan. Gayundin, nagbibigay din kami ng mga konsultasyon tungkol sa pagpasok sa klase ng Tsubasa.
*Ang "klase ng Tsubasa" ay isang "klase" kung saan pumapasok ang mga estudyante sa elementary school at junior high school na hindi makadalo sa mga paaralan dahil sa sikolohikal na kadahilanan.

[Para kanino]
- Mga bata/estudyante at kanilang magulang/tagapag-alaga na naninirahan sa Ota City hanggang sa dulo ng compulsory education
- Mga bata/estudyante na nais dumalo sa klase sa Tsubasa

Mangyaring mag-apply nang maaga sa telepono at magpareserba ng petsa ng pagpunta.
Tumatanggap din kami ng konsultasyon sa telepono.
*Mangyaring makipag-ugnayan sa pamamagitan ng taong marunong mag Nihongo.
Gayundin, kung kailangan niyo ng interpreter, mangyaring ipaalam ito sa amin nang maaga.

Lunes - Biyernes: 9:00 am - 7:00 pm
Sabado at Linggo: 9:00 am - 5:00 pm
*Walang opisina tuwing pista opisyal at katapusan at simula ng taon

Educational Consultation Office, Educational Center
☎ 03-5748-1201 Fax 03-5748-1390



©Ota City


Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala Ota City Community Activities Promotion Division, Community Collaboration and Multicultural Section
Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227 Fax 03-5744-1323


▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk


Possibleng makita ang back issue ▶